
# Ikatlong Markahang Pagsusulit
# Filipino V

**Pangalan:**__________________________________ **Baitang at Pangkat:**________________
**Guro:**______________________________________ **Petsa:**___________________________

**PAKIKINIG**

Panuto: Pakinggan ang teksto, kuwento o panuto na sasabihin ng guro at sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa ibaba.

1. Sino ang paboritong artista na nais makalaro ni Bordi?
   a. Alma Moreno b. Dolphy c. Eric Quizon d. Vandolph
2. Kanino galling ang kidney na ipinalit sa nasirang kidney ni Bordi?
   a. nanay b. ate c. ama d. kuya
3. Sino ang direktor ng National Kidney Institute?
   a. Filoteo Alcaraz b. Filoteo Alano c. Filoteo Alvarez d. Filoteo Alvarado
4. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga panyayari batay sa napakinggang kuwento o teksto?
   I. Pinasalamatan ni Bordi at ng kaniyang pamilya ang mga taong nagmamalasakit sa kaniya.
   II. Sa ngayon ang bata ay nasa recovery room at nagpapagaling.
   III. Tagumpay ang isinagawang operasyon ng mga dalubhasang doctor ng National Kidney Institute kay Bordi.
   IV. Humanaga sa kataatagan ng loob ni Bordi si Doktor Filoteo Alano.
   V. Umaasa si Bordi na paggaling niya ay makakalaro niya ang paboritong actor na si Vandolph.
   a. III, IV, II, V,I b. III, II, I, V, IV c. III, I, IV, V, II d. III, V, IV, I, II
5. Ano ang angkop na pamagat ng tekstong napakinggan?
   a. Ang Kapistahan ng Our Lady of Manaoag c. Ang Kapistahan ng Our Lady of Fatima
   b. Ang Kapistahan ng Our Lady of Piat d. Ang Kapistahan ng Our Lady of Peñafranca
6. Ano ang paksa ng tekstong napakinggan?
   a. Isa sa katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga regalo.
   b. Isa sa katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga suhol.
   c. Isa sa katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin.
   d. Isa sa katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga pangungutya.
7. Pakinggan ang mga panutong sasabihin ng guro. Alin sa mga sumusunod ang iyong magiging sagot?
   a.



**PAGSASALITA**

Panuto: Unawain ang mga pangungusap upang masagutan ang mga sumusunod na katanungan.

8. Nalampasan ni Bordia ng mga sakit pagkatapos ng operasyon niya. Anong katangian ang taglay ni Bordi?
   a. mahina b. malakas ang loob c. malungkot d. masaya
9. Binigyan ni Maria ng mga lumang damit ang mga taong nasalanta ng bagyo. Ano ang katangian mayroon si Maria?
   a. maramot b. mapera c. matulungin d. masungit
10. Alin tamang pananalita kapag nakikipag-usap sa mas nakaktanda sa inyo?
    a. Pahingi nga ako niya! c. Umalis ka diyan. Alis!!!
    b. Pahiram ako niyan! d. Puwede ko po bang hiramin ito?
11. Isaksak ang plantsa sa saksakan, Hintaying uminit ang plantsa bago ito gamitin, Plantsahin ang kuwelyo ng damit, Sumunod ay ang mga manggsa at iba pang parte ng damit,__________________________________. Ano ang susunod upang makumpleto ang panuto sa pamamalantsa ng damit?
    a. Ihanger ang damit upang hindi ito magusot. c. Tapakan ang damit upang hindi magusot.
    b. Ilapag sa sahig upang hindi ito magusot. d. Buhosan ng tubig upang hindi magusot ang damit.
12. Dahan-dahang inilapag ni Jessica ang bata sa kaniyang kama. Ano ang pang-abay na pamaraan na ginamit sa pangungusap?
    a. inilapag b. Maria c. dahan-dahang d. bata
13. Namili sila ng damit sa Divisoria. Ano ang ginamit na pang-abay na panlunan sa pangungusap?
    a. namili b. Pasko c. sa Divisoria d. gamit
14. Uuuwi kami sa Sta. Rosa City sa Mayo 15, 2017. Ano ang ginamit na pang-abay na pamanahon sa pangungusap?

a. Mayo 15, 2017 b. Sta. Rosa City c. uuwi d. kami

15. Pagod ____ pagod si May kaya siya nagpapahinga nagyon. Ano ang angkop na pang-angkop upang maging tama ang pangungusap?
    a. –ng b. –g c. na d. at
16. Ang alimango___dagat ay masarap. Ano ang wastong pang-angkop ana gagamitin?
    a. ---g b. ---ng c. at d. na
17. **Nagtanim ng punong narra** ang lahat ng magsasaka. Ano ang tawag sa sugnay na may salungguhit?
    a. simuno b. panaguri c. tayutay d. pandiwa
18. Nanalo sa nakaraang eleksyon si Dan Fernandez. Aling sugnay ang simuno?
    a. nanalo b. si Dan Fernandez c. sa nakaraang eleksyon d. Nanalo sa nakaraang eleksyon
19. Si nanay ay nagluluto ng pinakbet __________ siya ay nanonood ng pelikulang "Barcelona." Ano ang angkop na pangatnig ang gagamitin upang mabuo ang diwa nito?
    a. ngunit b. dapatapwat c. dahil d. Habang

**PAGBABASA**

Panuto:Basahin ang mga sumusunod na pnagungusap upang malaman ang kahulugan ng mga pamilyar at di-pamilyar na mga salita.

20. Huwag sayangin ang oras sa mga bagay na walang **kabuluhan**. Ano ang pormal na kahulugan ng salitang may salungguhit?
    a. walang katuturan b. mga bagay na importante c. mga lugar na sinasambahan d. nakakatakot na lugar
21. Ang pangulo ay ang pinuno ng ating bansang Pilipinas. Ano ang dalawang salitang magkaugnay?
    a. Pilipinas-pangulo b. pinuno-bansa c. pangulo-pinuno d. ating-bansa
22. Kinopya ng aking kaklase ang aking sinipi sa aking kuwaderno. Ano ang dalawang mgakaugnay?
    a. kinopya-sinipi b. kaklase-kuwaderno c. kuwaderno-kinopya d. kaklase-sinipi
23. Mataba ang aking katabi sa upuan. Ano ang kasalungat ng salitang mataba?
    a. malusog b. balyena c. elepante d. payat
24. Tahimik dito sa aming lugar dahil mapayapng sinusunod ng mga tao rito ang mga batas. Ano ang dalawang salitang magkasingkahulugan?
    a. lugar-tahimik b. tahimik-mapayapa c. tao-dahil d. bataas-tao

24. Kung ang kasingkahulugan ng mayaman ay maykaya, Ano naman ang kasalungat nito?
    a. mapera b. makapangyarihan c. dukha d. masalapi
25. May inaayos na poste kaya magkakaroon ng isang gabing brown-out. Ano ang ibig sabihin ng brown –out?
    a. mawawalang ng tubig c. mawawalan ng pagkain
    b. mawawalan ng kuryente d. mawawalan ng pagkain/ meryenda
26. Si Maria ay nagluto ng macaroni salad. Ano ang ibig sabihin ng salitang macaroni?
    a. isang uri ng tsinelas c. isang uri ng cellphone
    b. isang uri ng uwintas d. isang uri ng pagkain o meryenda
27. Ang tao ay intrepidong pinanood ang Train to Busan. Ano ang ibig sabihin ng intrepido?
    a. matapang b. mahina c. mahina d. duwag
28. Ang pagkain ay dapat kumpleto sa sahog upang maging masarap at malasa ito. Ano ang katumbas sa salitang Ingles ang salitang sangkap?
    a. savor b. ingridients c. special d. cook

Panuto:Basahin ang mga teksto o sumusunod na sitwasyon upang masagutan ang mga sumusunod na katanungan.

Linggo, ika-4 ng Abril, 2016

Papunta ako noon sa Balibago upang bumili n aking mga gamit sa aking paglipat sa bagong bahay. Nakabanggaan ko ang dati kong kaklase sa kolehiyo na si Jeramin. Nagkayayaan kaming kumain sa may Max's. Matagal kami doon dahil ang dami naming napagkwentuhan tungkol sa buhay namin ngayon. Nalaman ko na isa na pala siyang manager ng isang bangko. Nang mag-alasais na nang hapon,nagpaalam na kami sa isa't isa dahil may aasikasuhin pa ako sa aking paglipat. Sumakay na ako ng aking sasakyan na tuwang-tuwa.

29. Saan papunta ang taong nagsulat ng talaarawan?
    a. Labas b. Balibago c. Nuvali d. Paseo
30. Sino ang nakabungguan niya?
    a. Jerico b. Jessica c. Jeramin d. Joy
31. Bakit siya pupunta ng Balibago?
    a. upang bumili ng mga kagamitan sa paglipat c. upang bumili ng makipagkuwentuhan
    b. upang kumain sa Max's d. upang lilipat ng bahay
32. Paano sila nagkita ng kaniyang kaklase?
    a. napag-usapan nila c. nasagasahan niya
    b. sinadya nila d. nakabanggaan niya
33. Nakalimutan ni Beth ang kaniyang takdang aralin sa bahay. Ipinapalabas ng guro ang kanilang takdang-aralin. Ano ang mangyayari kay Beth?
    a. Matutuwa ang guro niya. c. Malulungkot ang guro niya.
    b. Magagalit ang guro niya. d. Magagalak ang guro niya.

34. Sa tingin ko kaya namatay ang lalaking iyan ay may ginawang kasamaan sa kaniyang kapwa. Anong uri ng pahayag ito?
a. opinyon b. katotohanan c. pandiwa d. pautos
35. Ang pangalan ng aming punungguro ay si Dr. Nelia M. Tabuyo. Anong uri ng pahayag ito?
a. katotohanan b. pandiwa c. pautos d. opinion
36. Sumasakit ang paa ni Roel dahil kumain na naman siya ng mani. Alin ang parirala na matatawag na sanhi?
a. paa ni Roel dahil c. sumasakit ang paa ni Roel
b. dahil kumain na naman siya ng mani d. siya ng mani
37. Aling parirala ang **HINDI** matatawag na bunga ng isang pangyayari?
a. **Bumaha ang Aurora** dahil sa patuloy na pagputol ng mga tao sa mga punungkahoy.
b. **Masipag siyang mag-aral** kaya nangunguna siya sa klase ngayong ikatlong markahan.
c. Tumaas ang dugo ng matanda **kaya siya namatay**.
d. **Sumakit ang tiyan niya** kasi kumain siya ng maraming manga kagabi.
38. Ano ang paboritong ulamin ng mga Bicolano?
a. pagkaing matatamis b. pagkaing maaalat c. pagkaing maanghang d. pagkaing masabaw
39. Kung ang Iloko ay mahilig sa bagoong na isda, Ano ang ginagamit ng mga Bikolano na pamalits sa bagoong?
a. sili b. gata ng niyog c. katas ng kamatis d. sampalok
40. Anong sanggunian ang gagamitin kapag nais malaman ang kasaysayan na kung saan ay makatotohanan?
a. atlas b. almanak c. ensiklopedya d. magasin
41. Ibig kong malaman ang mga bakanteng trabaho o kaya mga ibinebentang mga produkto o sasakyan. Anong bahagi ng pahayagan ang iyong babasahin?
a. obitwaryo b. klasipikadong anunsyo c. pangunahing balita d. balitang isports
42. Ibig kong malaman kung nanalo si Pacquiao sa kaniyang nakalipas na laban noong nakaraang Linggo. Anong bahagi ng pahayagan ang aking babasahin?
a. komiks b. obitwaryo c. editorial d. balitang isaports

Pagbasa: Aklat ng Lahi
(Aklat para sa Ikaanim na Baitang)
Lydia Perez, Peter Villasa

43. Ano ang tawag sa catalog na nasa itaas?
a. Kard ng Paksab. Kard ng May-Akda c. Kard Catalog d. Kard ng Pamagat

Pandora
Pagbasa: Aklat ng Lahi
(Aklat para sa Ikaanim na Baitang
Lydia Perez, Peter Villasa)

44. Ano ang tawag sa kard na nasa itaas?
a. Kard Catalog b. Kard ng Paksa c. Kard ng Pamagat d. Kard ng May-Akda

**PAGSUSULAT**

Panuto: Pagbabay ng mga salita

45. Alin ang tamang baybay ng binaggit ng inyong guro?
a. compact disc b. kompack dic c. compack disk d. kompak dis
46. Ano ang tamang banghay ng salitang sinabi ng inyong guro?
a. regrigaratior b. refrigerator c. reprigerator d. rafrigetor
47. Alin sa mga patalastas ang nakasunod sa tamang paraan ng pinaikling patalastas?

a.
Ano: Papapalista ng mga bata
Sino: batang 5-6 na taong gulang
Kailan: Enero 14-17

c.
Ano: Papapalista ng mga bata
Sino: batang 5-6 na taong gulang
Kailan: Enero 14-17
Saan: Pulong Sta. Cruz Elementary School

b.
Ano: Papapalista ng mga bata
Sino: batang 5-6 na taong gulang

d.
Sino: batang 5-6 na taong gulang
Kailan: Enero 14-17
Saan: Pulong Sta. Cruz Elementary School

Panuto: Panoorin ang isang video at sagutin ang mga sumusunod na katanungan

48. Saan nangyari ang tagpuan ng inyong pinanood?
49. Sino ang pangunahing tauhan ng inyong napanood na pelikula?
50. Ano ang maaaring wakas ng pelikulang inyong napanood?

Kasagutan:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. d | 11. a | 21. c | 31. a | 41. b |
| 2. c | 12. c | 22. a | 32. d | 42. d |
| 3. d | 13. c | 23. d | 33. b | 43. d |
| 4. a | 14. a | 24. b | 34. a | 44. b |
| 5. d | 15. c | 25. c | 35. a | 45. a |
| 6. c | 16. b | 26. d | 36. b | 46. b |
| 7. a | 17. b | 27. a | 37. b | 47. b |
| 8. b | 18. b | 28. b | 38. c | 48. |
| 9. c | 19. d | 29. b | 39. b | 49. |
| 10. d | 20. b | 30. c | 40. b | 50. |

Para sa guro:

Aytem 1-4

**'Bordi' Geocadin**
**Kidney, Bago na**

Tagumpay ang isinasagawang operasyon ng mga dalubhasangdoktor sa National Kidney Institute kay Bryan 'Bordi" Geocadin, ang 12-anyos na batang nagkaroon ng di-pangkaraniwang sakit sa bato.

Ayon kay NKI Executive Director Filoteo Alano, ang matagumpay na operasyon kay Bordi ay bunga na rin ng ipinamalas na determinasyon ng bata na malagpasan ang kanyang karamdaman."Humanga kami sa kanyang ipinakitang lakas ng loob sa halos limang oras na operasyon upang palitan ang kanyang bato na may misteryosong depekto ," sabi pa ni Alano.

Sinabi naman ni Dr. Enrique Una, kabilang sa walo kataong dalubhasang doktor na umopera kay Bordi, bagaman hindi magkatugma ang ipinalit na bato sa katawan ng bata, tiniyak nila na ang batong nanggaling sa ama nitong si Brydon ay "aayon" sa sistemang katawan ni Bordi.

'Malaki ang aming paniniwala na pagkatapos ng dalawang linggong obserbasyon, ang bagong bato sa katawan ni Bordi ay sasang-ayon sa kanyang katawan," wika ni Dr. Una. Sa ngayon, ang bata ay nasa recovery room na ng ospital at umaasa sa kanyang tuluyang paggaling.Umaasa rin si Bordi na paggaling niya ay makalaro ang kanyang paboritong child actor na si Vandolph, ang anak ng pamosong komedyanteng si Dolphy at aktres na si Alma Moreno.
'Sana, dumalaw rito si Vandolph para kami ay makapaglaro at makapagkuwentuhan at pagkatapos ay magkasalo kaming kakain ng alimango, sugpo at bagoong," pabulong na hiling ni Bordi sa kanyang tiyahing si Honey Geocadin Vidal.
Samantala, taos-pusong pinasalamatan ni Bordi at ng buong pamilya Geocadin ang mga taong nagmamalasakit sa bata para malagpasan nito ang krisis na naganap sa kanyang buhay.

Jane Eleda – Mahla

Aytem 5

Gumuhit ng isang parihaba
Sa gitna gumuhit ng isang tatsulok
Sa loob ng tatsulok, isulat ang titik L

Aytem 6

Ang kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia ay ginaganap sa Naga City sa Bicol tuwing ikatlong Sabado ng buwan ng Setyembre. Pero ngayon ay ginaganap na rin ito sa buwan ng Mayo para sa mga hindi nakakadalo sa Setyembre. Bago ang mismong araw ng kapistahan, may siyam na araw nanovena sa Birhen. Sa ikasiyam na araw, ibinabalik sa dambana ang imahen at idinadaan ito sa Ilog Naga sa paraang prusisyon ng mga Bangka.

Aytem 7

Isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating mga Filipino ay ang mabuti nating pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda. Sila'y naglilinis at nag-aayos ng kabahayan. Nagluluto ang pamilya ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila kung ano ang maipauuwing pasalubong ng panauhin.

Aytem

45. compact disc 46. refrigerator

48-50. Magpanood ng isang video at pasagutan ang mga katanungan

**Talaan ng Ispesipikasyon sa Filipino V**
**Ikatlong Markahan**

| LAYUNIN | BILANG NG AYTEM | BAHAGDAN | KINALALAGYAN NG AYTEM |
|---|---|---|---|
| 1.Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang alamat/ kuwento | 3 | 6% | 1-3 |
| 2. Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa tekstong napakinggan | 1 | 2% | 4 |
| 3. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa tekstong napakinggan | 1 | 2% | 5 |
| 4.Naibibigay ang paksa ng napakinggang kuwento/ usapan | 1 | 2% | 6 |
| 5.Nasusunod ang napakinggang panuto o hakbang ng isang gawain | 1 | 2% | 7 |
| 6.Nailalarawan ang tauhan batay sa ikinilos o gawi nito | 2 | 4% | 8-9 |
| 7.Nagagamit ang magagalang na salita sa pagpapahayag ng panghihinayang | 1 | 2% | 10 |
| 8. Nakapagbibigay ng panutong may 4-5 hakbang | 1 | 2% | 11 |
| 9. Natutukoy ang ginamit na pang-abay na pamaraan sa pangungusap | 1 | 2% | 12 |
| 10. Natutukoy ang ginamit na pang-abay na panlunan sa pangungusap | 1 | 2% | 13 |
| 11. Natutukoy ang ginamit na pang-abay na pamanahon sa pangungusap | 1 | 2% | 14 |
| 12. Nagagamit nang wasto ang pang-angkop sa pakikipagtalastasan | 2 | 4% | 15-16 |
| 13. Nagagamit nang wasto ang pangatnig sa pakikipagtalastasan | 1 | 2% | 19 |
| 14. Nasasabi kung ano ang simuno at panaguri sa pangungusap | 2 | 4% | 17-18 |
| 15. Naibibigaya nag kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng depinisyon | 1 | 2% | 20 |
| 16. Napapangkat ang mga salitang magkaugnay | 2 | 4% | 21-22 |
| 17. Nagbibigay ng mga salitang magkasingkahulugan/magkasalungat | 3 | 6% | 23-25 |
| 18.Nabibigyang kahulugan ng mga salitang hiram | 1 | 2% | 26 |
| 19. Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng paglalarawan | 1 | 2% | 27 |
| 20. Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ibang asignatura | 1 | 2% | 28 |
| 21. Nasasagot ang mga tanong sa binasang talaarawan | 2 | 4% | 29-30 |
| 23. Nasasagot ang mga katanungang bakit at paano | 2 | 4% | 31-32 |
| 23. Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa teksto gamit ang dating karanasan/ kaalaman | 1 | 2% | 33 |
| 24. Nasusuri kung ang pahayag ay opinion o katotohanan | 2 | 4% | 34-35 |
| 25. Nasasabi ang sanhi at bunga ng isang pangyari | 2 | 4% | 36-37 |
| 26. Nabibigyang kahulugan ang isang poster | 2 | 4% | 38-39 |
| 27. Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik tungkol sa isang isyu | 1 | 2% | 40 |
| 28. Nagagamit ang iba't ibang pahayagan ayon sa pangangailangan | 2 | 4% | 41-42 |
| 29. Nagagamit nang wasto ang card catalog o OPAC | 2 | 4% | 43-44 |
| 30. Nababaybay ang mga salitang hiram/ natutunan sa aralin | 2 | 4% | 45-46 |
| 31. Nakakasulat ng simpleng patalastas | 1 | 2% | 47 |
| 32. Nasusuri ang tauhan/ tagpuan sa napanood na maikling pelikula | 2 | 4% | 48-49 |
| 33. Nakapagbibigay ng ibang wakas sa pelikulang napanood | 1 | 2% | 50 |
| KABUUAN | 50 | 100% | 1-50 |